ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVIII Blg. 21
Nobyembre 7, 2017
www.philippinerevolution.info

## Mga armadong aksyon sa Mindoro at Agusan Norte

TATLONG AKSYONG militar ang inilunsad sa Mindoro habang isang serye ng mga operasyong haras ang inilunsad sa Agusan del Norte nitong nakaraang dalawang linggo.


Sa Occidental Mindoro, ni-reyd ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng BHB-Mindoro (Lucio De Guzman Command) ang kumpanyang Bluemax Tradelink, Inc. sa Barangay Malawaan, Rizal, Occidental Mindoro noong Nobyembre 1, ala-una ng hapon. Nakumpiska sa nasabing operasyon ang limang *shotgun*, tatlong radyo, mga bala at iba pang gamit-militar. *(Tingnan ang kaugnay na artikulo. sa pahina 3.)*

Inambus din ng mga Pulang mandirigma ang isang iskwad na nagpapatrulya at inatake ang kampo ng 4th IB sa Brgy. Poy-poy, Calintaan sa parehong prubinsya. May rekord ng pagmamalupit ang naturang mga sundalo sa mga magsasaka.

Sa Oriental Mindoro, hinaras ng BHB ang kampo ng 4th IB sa Brgy. Sta. Maria, Bulalacao. Napatay sa operasyong ito ang kaaway ng mamamayan na si Dionisio Brutas, isang elemento ng CAFGU.

Sa Butuan City at Agusan del Norte, sunud-sunod na mga operasyong haras ang inilunsad ng mga yunit ng Western Agusan del Norte-Agusan del Sur Sub-regional Command (WANAS) sa ilalim ng BHB-North Central

*"ST at Agusan...," sundan sa pahina 3*




# Ubos-kayang labanan ang todo-largang gera ni Duterte

Paulit-ulit na idineklara ng pasistang hari-hariang Rodrigo Duterte na matapos ang pagkubkob ng AFP sa Marawi, itutuon niya ang kanyang mga tropa laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa tinagurian niyang "full-scale" o todo-largang gera.

Ilang batalyon na ng AFP ang muling ipinakat para maglunsad ng todo-gera sa ilalim ng Oplan Kapayapaan. Idineklara ng pamunuan ng AFP ang layuning "ganap na puksain" ang BHB sa katapusan ng 2018.

Inianunsyo ng AFP na matatapos na nito ang rekrutment at pagsasanay sa hindi bababa sa 8,000 tropa sa katapusan ng Nobyembre. Target nitong magrekrut ng 5,000 pang tropa sa Enero 2018. Ang pagmamadali sa rekrutment ay alinsunod sa layuning magtatag ng sampu pang batalyon ng mga pasistang tropa para labanan ang BHB. Minamadali rin ni Duterte ang pagbili ng mga ripleng awtomatik, mga pandigmang helikopter at mga bomba at *rocket* mula sa US, China at Russia para itutok at gamitin laban sa mamamayang Pilipino.

Mayorya ng bagong mga batalyon ay ipapakat sa ilalim ng Eastern

Mindanao Command, ang paboritong kumand ni Duterte, na ngayo'y may pinakamadugong rekord sa dami ng pinatay na magsasaka sa nagdaang taon. Isang bagong batalyon, ang 88th IB, ay ipinakat na sa Maramag, Bukidnon.

Nananaginip nang gising sina Duterte at kanyang mga upisyal militar sa pagsabing "wala ni isang matitira" sa mga myembro ng Partido Komunista ng Pilipinas at BHB sa katapusan ng 2018. Mistulang nakadroga siya sa panganganrap na magagawa ng AFP sa loob ng isang taon ang hindi nito nagawa sa nagdaang 50 taon ng paniniil at armadong pagsupil.

Mahigit nang 100 ang kaso ng pagpatay sa mga aktibista, 91 dito ay mga magsasaka, sa ilalim ng Oplan Kapayapaan ni Duterte. Sa pagkahumaling ni Duterte, ng US at ng AFP na "pulbusin" ang BHB, tiyak na dadami ang kaso ng mga pagpatay at iba't ibang kaso ng paglapastangan sa karapatang-tao. Sinasakop ng utak-gerang mga yunit ng AFP ang mga komunidad, tinatarget at pinapatay ang mga aktibistang magsasaka na nakikibaka para sa lupa at laban sa mga mina at plantasyon. Ang mga minoryang grupong Lumad sa Mindanao, sa partikular, ay tinatarget ni Duterte. Winawasak ng mga pasistang sundalo ang mga paaralan, kooperatiba, sakahang pangkomunidad at iba pang proyektong sosyo-ekonomiko na tinatatakan nilang "proyekto ng NPA." Lalo pang dadami ang mga sibilyang mabibiktima ng mga sundalong naghahabol ng patong sa ulo laban sa BHB.

Sinusunod ng AFP ang utos ni Duterte na "patagin ang mga bundok." Parami nang parami ang mga sibilyang komunidad na hinuhulugan ng bomba o kinakanyon ng AFP na may suporta ng US upang sindakin at yanigin ang mga tao at pwersahin silang lumuhod sa mapang-abusong kapangyarihan ng militar. Ang mga imahe ng ganap na pagwasak sa Marawi ay ginagamit para takutin ang mga tao sa mga base ng rebolusyonaryong kilusan.


Sa harap ng lumalaking bilang ng mga kaso ng pagpatay at pag-abuso ng AFP, nananawagan ang Partido sa mamamayan na matatag na labanan at biguin ang pinatitinding todong gera ng rehimeng US-Duterte.

Dapat palaganapin ang mga pag-aaral sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) upang itaas ang kaalaman ng mamamayan sa kanilang mga karapatang pampulitika, sosyo-ekonomiko at pangkultura at iangat ang militansya na ipaglaban ang mga ito.

Hinihingi ng sambayanang Pilipino na wakasan na ang batas militar sa Mindanao. Matatag silang naninindigan laban sa mga bantang pagpapataw ni Duterte ng pasistang diktadura. Determinadong-determinado laluna ang masang magsasaka na ipagtanggol ang kanilang mga tahanan at komunidad at puspusang labanan ang pagsakop sa kanila ng AFP. Nagkakaisang sigaw nila ang pagpapalayas ng mga tropa ng AFP.

Iginigiit ng bayan ang demilitarisasyon ng burukrasya at serbisyong pampubliko. Hinihingi nila ang pagkaltas sa badyet ng AFP at paghinto sa pagpaparami ng mga pasistang tropa na katumbas ng mas maraming pagpaslang, pang-aabuso at pambobomba.

Ipinaglalaban ng bayan ang




ANG Bayan

Tomo XLVIII Blg. 21 | Nobyembre 7, 2017

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcinfo

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

fb.com/philrevwebcentral

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Ubos-kayang labanan ang todo-largang gera ni Duterte 1

Mga armadong aksyon sa ST at Agusan 1

Mapaminsalang Bluemax 4

Mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao, iligal na inaresto 4

ASEAN: Pagpapadulas ng imperyalistang kontrol 5

Garison: Mga engklabo sa paggawa 6

Ka Lia: Manggagawa, mandirigma 7

Kongreso ng CNL-Negros, inilunsad 8

Lakbayan ng mga magsasaka 9

Rebolusyong Oktubre, ipinagdiwang 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

pagwawakas sa panghihimasok militar ng US, ang panunulsol nito ng gera at ang tuwiran at di tuwirang paglahok sa mga operasyong *counterinsurgency*. Hinihingi nilang ibasura ang mga tagibang na kasunduang militar tulad ng Mutual Defense Treaty at Visiting Forces Agreement na nagpapalawig at nagpapahigpit sa kontrol nito sa AFP.

Mahigpit na nagkakaisa ang bayan sa sigaw na wakasan ang paghuhulog ng bomba bilang sandata sa malawakang pagwawasak na nagsasapeligro sa buhay ng mga sibilyan, nagwawasak sa kabuhayan ng mamamayan, sumisira sa kalikasan at nagbubunga ng malawakang takot, laluna sa mga bata.

Ang Bagong Hukbong Bayan ay patuloy na sumusulong nang matatag sa armadong paglaban sa pinaigting na todong gera ng rehimen. Bibiguin nito ang ambisyon ni Duterte na pulbusin ang mga armadong rebolusyonaryong pwersa sa katapusan ng 2018. Patuloy na isinusulong ang gerilyang pakikidigma sa buong bansa, inaagaw ang mga armas mula sa kaaway, nagrerekrut ng parami nang paraming mga Pulang mandirigma, nagpapalawak ng bilang at saklaw ng mga sonang gerilya, naglulunsad ng rebolusyong agraryo at nagkokonsolida ng rebolusyonaryong baseng masa.

Sa pagpapakawala ng pasistang karahasan sa tripleng gera ng maramihang pagpatay at pagpaslang at pagwasak, nagagawa ng rehimeng Duterte na pukawin ang sambayanan na maglunsad ng todong armado at di-armadong paglaban. Kinukuha ng sambayanang Pilipino ang inisyatiba para maglunsad ng iba't ibang anyo ng pakikibaka para labanan ang tripleng gera, todong liberalisasyon at pagpapakatuta ng rehimeng Duterte sa imperyalismong US. AB


"ST at Agusan..," mula pahina 1

Mindanao mula Oktubre 21-25.

Magkasabay na hinaras ng mga Pulang mandirigma ang istasyon ng pulis sa Barangay San Mateo, Butuan City at ang kampo ng 23rd IB sa Barangay Balungagan, Las Nieves, Agusan del Norte noong Oktubre 25, alas-3 ng hapon. Limang sundalo ang namatay at tatlo ang nasugatan.

Noong Oktubre 23, dalawang beses na hinaras ng BHB ang mga sundalo ng 23rd IB sa Purok 4, Brgy. Nongnong, Butuan City. Nakumpirma ng BHB na 12 sundalo ang namatay sa operasyon nito. Bilang ganti, gumamit ang AFP ng *fighter jet* at naghulog ng bomba sa kalapit na komunidad.

Noong Oktubre 21, ala-1 ng umaga, pinaralisa ng mga Pulang mandirigma ang kagamitan ng Gil M. Cembrano, isang kumpanya sa konstruksyon, na nakabase sa Purok 7, Brgy. Bonbon, Butuan City dahil sa paninira nito sa kapaligiran dulot ng *quarrying*. Ayon kay Ka Omar Ibarra, tagapagsalita ng WANAS, ang balak ng kumpanya na palawakin ang mga operasyon nito ay tiyak na magreresulta sa demolisyon at dislokasyon ng mga residente sa lugar. AB



## Mapaminsalang Bluemax

ANG BLUEMAX ay isang dayuhang kumpanya na nagmimina ng mga yamang mineral sa ilog ng Lumintao para i-eksport. Sinasakop ng ilog na ito ang mga bayan ng Calintaan, Rizal at San Jose sa Occidental Mindoro. Pinahintulutan ng lokal na gubyerno dito ang operasyon ng Bluemax dahil sa nakatakdang kikitain nitong P180 milyon. Ito ay sa kabila ng pinsalang idinudulot ng *quarrying* sa kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda at pagkasira ng ilog at kapaligiran.

Kakutsaba ng Bluemax si Lerma Bulaclac at kanyang mga kasapakat sa panloloko sa pamamagitan ng pag-aalok ng mga proyektong pangkabuhayan sa mga apektadong residente. Sila ang nagsisilbing "pampadulas" ng kumpanya habang nagsisilbing mga gwardya nito ang mga elemento ng AFP. Batid na ng mga residente sa San Jose, Mansalay at Bulalacao ang operasyon nina Bulaclac. Sa umpisa ay manunuyo at manghihikayat sila ng suporta para sa mga pakitang-taong proyekto ng reaksyunaryong gubyerno para sa kalaunan, magiging katanggap-tanggap sa kanila ang mga operasyon ng Bluemax.

Tumitindig ang BHB bilang mga tagapagtanggol ng kalikasan para sa kabuhayan at kinabukasan ng bayan. Ito ang prinsipyong gumagabay sa pagpaparusa ng BHB sa mapandambong na mga proyektong pinakikinabangan ng mga dayuhan. Ang reyd sa Bluemax ay magsisilbing babala sa lahat ng kumpanya ng mapaminsalang mina sa isla. AB

# Mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao, iligal na inaresto

Mula nang itatag ng rehimeng US-Duterte ang Inter-Agency Committee on Legal Action, lalo pang dumami ang mga kaso ng panggigipit at iligal na pang-aaresto sa mga aktibista at tagapagtaguyod ng karapatang-tao. Kasabay nito, tuluy-tuloy ang pamamaslang sa mga sibilyan at matinding militarisasyon sa kanayunan.

Isang Banwaon na tagapagtaguyod ng karapatang-tao at lima pang aktibistang Lumad ang iligal na inaresto sa kani-kanilang mga bahay sa Barangay Balit sa San Luis, Agusan del Sur noong Oktubre 27. Unang inaresto ng mga sundalo si Julito Otacan, istap ng Rural Missionaries of the Philippines (RMP)-Northern Mindanao Region. Isinunod sa kanya sina Alejandro Barluado, Jonas Acosta, Noli Tahudan, Marlon Talatayod at Joel Trasona, mga kasapi ng Tagdumahan, isang organisasyon ng mga Banwaon. Tinamnan ng mga baril at granada ang kanilang mga bahay para palabasing mga myembro sila ng Bagong Hukbong Bayan.

Si Tahudan ay dinala sa hedkwarters ng 26th IB sa Poblacion, Talacogon habang ang iba ay dinala sa istasyon ng pulis ng Rubako, San Luis kung saan sinampahan sila ng mga kasong kriminal.

Noong Oktubre 29, hinaras ng mga pulis ng Ilocos Sur at mga sundalo ng 81st IB sa tsekpoynt si Windel Farag-ey Bolinget, pinuno ng Cordillera People's Alliance habang papunta siya sa Quirino, Ilocos Sur. Papunta si Bolinget sa prubinsya para imbestigahan ang militarisasyon at pagkakampo ng 81st IB sa Brgy. Patungcaleo.

Ilang oras siyang ibinimbin sa presinto ng pulis at nakalabas lamang dala ng kanyang paggigiit at pag-uulat ng midya. Dumanas ng dagdag na panggigipit si Bolinget sa marami pang tsekpoynt sa pagbyahe niya pabalik sa Baguio City kung saan siya nakabase.

**Panggigipit sa mga aktibista**. Nanawagan ang estudyanteng si Aisah Mariano, 23, na tigilan na ng militar ang panggigipit sa kanya at sa kanyang ina na si Rachel na inaakusahan nitong mga myembro ng BHB. Si Aisah at Rachel Mariano, kasama sina Sarah Abellon-Alikes, Sherry Mae Soledad, Joanne Villanueva, Asia Isabella Gepte, Shirley Ann Angiwot at 18 iba pa ay isinasangkot ng militar sa naganap na labanan sa pagitan nito at BHB sa Sityo Mabileg, Brgy. San Ramon, Sigay, Ilocos Sur noong Agosto 4.

Noong Oktubre 24, iligal na inaresto ang tagapangulo ng Balikwas Kadamay na si Rudy Villareal at ikinulong sa presinto ng PNP sa Pasig.

Samantala, pwersahang pinasok ang bahay ni Pastor Eugene Antonio sa Mudiit, Dolores, Abra ng mga sundalo ng 24 IB at 7th ID noong Oktubre 27. Hinalughog ng 27 nakasuot-sibilyang sundalo ang kanyang bahay sa bisa ng isang *search warrant* na nagsasaad na may itinatago siyang isang M16, isang .45 kalibreng pistola at isang *shotgun*. Tulad ng inaasahan, walang nakuhang armas ang mga sundalo.

**Pamamaslang**. Pinaslang sa Gubat, Sorsogon noong Oktubre 25 ng dalawang sundalo na lulan ng motorsiklo si Edwin Pura, isang paralegal at istap ni Atty. Ron Ely Espinosa, pangalawang tagapangulo ng National Union of People's Lawyers sa Luzon. Si Pura ay dating kasapi ng League of Filipino Students, naging tagapangulo ng BAYAN-Bikol at ng Provincial Transport Alliance. Napatay din sa naturang pamamaril ang nadamay na sibilyang si Wilfredo Brono habang nasugatan si Grace Merilo. Noong Agosto, may pagtatangka nang patayin si Atty. Espinosa.




Noong Oktubre 20, pinaslang ng mga operatiba ng PNP at AFP si Romel Deniega Sium, dating kasapi ng BHB, sa Sityo Baribag, Barangay Bibincahan, Sorsogon City, ng alas-8 ng gabi. Dahil marami ang nakasaksi sa pamamaslang, inakusahan ng pulis si Sium ng panghoholdap para palabasing lehitimong operasyong pagtugis ang kanilang isinagawa.

Bago nito, noong Oktubre 17, pinagbabaril at napatay ng mga pinaghihinalaang pulis at sundalo ang sibilyang si Alan Nolasco, traysikel drayber na nakatira sa Barangay Tabi, Gubat. Nakaligtas sa pamamaril ang kanyang kapatid na kasama niya noon. Noon namang Oktubre 18, pinaslang ang isa pang traysikel drayber na si Alden Enano na taga-Barangay Monbon, Irosin.

**Militarisasyon**. Isang platun ng 25th IB ang nagkampo sa komunidad ng Sityo Letter V, Barangay Mt. Diwata, Monkayo, Compostela Valley noong Oktubre 23. Pwersahan nilang pinasok ang eskwelahan ng mga Lumad, pinagpupunit ang mga libro at pinagsisira ang iba pang kagamitan sa loob nito.

Samantala, hinaras at ininteroga ng mga pulis ng Caloocan ang mga myembro ng lokal na balangay ng Youth Movement Against Tyranny habang naglulunsad sila ng pagtitipon para itayo ang kanilang samahan sa San Roque Cathedral sa naturang syudad. AB

ASEAN Summit 2017

# Pagpapadulas ng imperyalistang kontrol



Ang ginaganap na serye ng mga pulong na magtatapos sa ika-31 Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) Summit sa Nobyembre 12-13 at East Asia Summit (EAS) sa Nobyembre 14, ay kinatatampukan ng mga hakbang para sa pagpapatatag ng imperyalistang kontrol sa ekonomya, pulitika at militar sa Pilipinas at iba pang atrasadong bansa sa rehiyon. Dadalo sa East Asia Summit ang pinuno ng imperyalistang US na si Donald Trump, bilang huling bahagi ng kanyang pagbisita sa rehiyon.

**Heopolitikal na pagpusisyon**

Higit na mahalaga para sa mga imperyalista ang EAS, kung saan kasapi ang Australia, China, India, Japan, New Zealand, South Korea, Russia at US. Ang pulong nito ay ginaganap isang araw matapos ang ASEAN Summit, at siyang dadaluhan ni Trump dahil itinuturing niya itong "tunay na pinakamahalagang araw" sa buong kumperensya. Sa EAS nambabraso ang US para pumusisyon laban sa Democratic People's Republic of Korea (DPRK) ang mga bansa sa rehiyon. Habang pinalalakas ang presensyang militar sa South Korea at sa palibot ng South China Sea, ginagamit ng US ang mga probisyong anti-nukleyar ng ASEAN para gipitin ang DPRK. Ang tutang rehimeng Duterte naman ang dagdag na tagatulak ng gera laban dito. Mabilis na nagpapaunlad ng kakayahang nukleyar ang DPRK bilang depensa sa kanilang soberanya.

Itinatag ng ASEAN noong 2005 ang EAS bilang bahagi ng ASEAN Political-Security Community na itinuturing nito ngayon na pangunahing haligi sa "pagpapatatag ng rehiyon." Sa mga larangang ito tumitindi ang inter-imperyalistang ribalan, pangunahin kaugnay ng kontrol sa South China Sea kung saan naghahamunan ang US at China para sa kontrol. Itinutulak din ng US ang mas masiglang kooperasyon laban sa mga "pirata," upang mabigyang katwiran ang pagpapatatag ng pusisyon nito sa Malacca Straits, ang makitid na bahagi ng dagat na umuugnay ng Indian Ocean at dumaraan sa karagatan ng Malaysia patungong Southeast Asia.

Dagdag pa itong mekanismo sa dati nang itinatag noong 2010 na taunang Asean Defense Ministers Meeting (ADMM) at ADMMPlus na daan para sa mas mahigpit na pangingialam ng mga imperyalistang kapangyarihan. Kabilang sa ADMM at ADMMPlus ang Australia, China, India, Japan, New Zealand, South Korea, Russia at US na pawang nasa labas ng Southeast Asia ngunit may pampulitika at pangmilitar na interes sa rehiyon. Sa ulat ng ASEAN, pinag-uusapan sa mga pormasyong ito ang kondukta sa South China Sea at ang sitwasyon ng Rakhine State ng Myanmar. Sa ilalim nito, naglunsad ng apat na ehersisyong militar noong 2016-2017 ukol sa seguridad sa karagatan, sakuna, medisinang militar, aksyon sa mina, at kontra-terorismo.

**Mas madulas na kontrol sa ekonomya**

Nakatakda sa ASEAN Community Vision 2025 ang ganap na integrasyon sa rehiyon tungo sa pinag-isang merkado kaugnay ng kalakalan, pagtanggal ng mga hadlang maliban pa sa taripa, mas malalim na integrasyon sa palitan ng serbisyo, at mas madulas na galaw ng pamumuhunan, may-kasanayang paggawa, negosyante at puhunan.

Sa gayong integrasyon, alinmang negosyo sa loob ng mga bansang kasapi ng ASEAN ay makakagalaw nang walang hadlang sa taripa o anumang proteksyon ng bansang pinapasok. Ngunit sa totoo, ang malalaking dayuhang kapitalista lamang ang makikinabang sa pagtanggal ng mga proteksyon. Nagkukutsabahan ang mga pandaigdigang kapangyarihang kapitalista tulad ng US, Japan, China at Russia sa pagtutulak ng todong liberalisasyon. Nasa loob na mismo ng mga bansang ASEAN ang mga pabrika ng mga imperyalista kaya ginagamit ng mga ito ang pagtanggal ng mga proteksyon para mas mabilis na maglipat-lipat ng puhunan, mandambong ng mga likas ng yaman, at magsamantala sa murang lakas-paggawa.

Pasok na pasok ito sa proyektong "one belt, one road" at programang Factory Asia ng China at sa isinusulong nitong Regional Comprehensive Economic Partnership. Sa ilalim ng mga kasunduang ito, pananatilihing atrasado ang mga malakolonya upang patuloy na makapaghuthot ng yaman ang mga imperyalista.

Dagdag pang nakikinabang ang China sa proyektong ASEAN Highway Network na gumagamit sa sob-

rang produktong asero nito habang pinabibilis ang transportasyon ng mga produkto at serbisyo sa pagitan nito at mga malakolonya.

Sa 2016 na ulat ng ASEAN, natanggal na ng mga bayang kasapi nito ang 96% ng internal na taripa. Target na matapos ngayong 2017 ang mga negosasyon para tanggalin ang proteksyon sa tradisyunal na mga gamot at bitamina. Ipipinal na rin ang mga kasunduan tungkol sa mga istandard sa prinosesong pagkain, pyesa sa sasakyan, kagamitan sa konstruksyon at mga hindi awtomatik na timbangan. Napirmahan na ng Malaysia at Pilipinas noong Abril ang kasunduan sa integrasyon sa sistema ng bangko, at itinutulak naman ngayon ang ASEAN Taxation Cooperation upang matiyak ang napapanahong pagpapatupad ng mga hakbang kaugnay ng pagbubuwis.

Patuloy pa ang mga hakbang upang mahigop sa kontrol ng mga imperyalista ang maliliit na negosyo. Gayundin ang mga negosasyon para sa mga bilateral na kasunduan sa Australia, China, India, Japan, South Korea, India, New Zealand, at Hong Kong.

Itinayo ang ASEAN noong Agosto 8, 1967 sa Thailand sa panahong rumaragasa ang digmang agresyon ng US sa Vietnam at naglulunsad ng rebolusyon sa pambansang pagpapalaya ang Kampuchea at Laos. Ang unang limang bayang pumirma ng tratado, kabilang ang Pilipinas, ay nadagdagan noong dekada 1980-90. Mula noon ay naglulunsad ito ng pulong dalawang beses bawat taon. Ang sampung bansang myembro ng ASEAN ay may pinagsamang kalupaang mahigit 2.74 milyong kilometro kwadrado, na kinapapalooban ng 630 milyong populasyon at lumilikha ng $2.8 trilyong halaga ng *nominal* GDP o lokal na produksyon. AB

# Garison: Mga engklabo sa paggawa

Mula Hulyo 2016 hanggang Marso 2017, 13 bagong mga *special economic zone* (SEZ) ang binuksan ng rehimeng US-Duterte para sa mga dayuhang mamumuhunan. Mayorya nito ay mga upisina para sa mga *call center,* habang dalawa ay mga engklabo sa paggawa sa Palawan at Pampanga. Apatnapung iba pang lokasyon ang naghihintay ng pahintulot mula kay Rodrigo Duterte para maging mga espesyal na sona sa paggawa.

Ipinamamarali ng rehimen na lilikha diumano ng empleyo, at sa gayon, magdudulot ng pag-unlad, ang paglalatag ng mga bagong engklabo sa paggawa laluna diumano sa mga prubinsya. Kaugnay nito, noon pa ma'y pangako na ni Duterte na pananatilihin niyang mababa ang sahod para gawing kaakit-akit ang Pilipinas sa mga dayuhan. Daladala niya ang pangakong ito nang nanlimos siya sa China at Russia.

Mula dekada 1970, nakatuon ang neoliberal na mga patakaran sa pagpapatindi ng pagsasamantala ng mga dayuhang kapitalista at malalaking burgesyang kumprador sa mga manggagawang Pilipino. Kabilang sa mga patakarang ito ang pagtatayo ng mga *export processing zone* (EPZ), mga lugar kung saan binigyan ng papalaki nang papalaking kapangyarihan ang mga kapitalista para pagsamantalahan ang mga manggagawa na hindi nahahangganan ng mga batas o ibang regulasyon.



Sa ilalim ng batas militar binuo ang Export Processing Zone Authority (EPZA) sa pamamagitan ng Presidential Decree No. 66 noong 1972, para pangasiwaan ang mga *export processing zone.* Ang unang EPZ ay itinayo sa Mariveles, Bataan. Noong 1974, itinayo ang 120-ektaryang Food Terminal Inc. o FTI sa Taguig. Nagsimula naman noong 1986 ang operasyon ng 276-ektaryang Cavite Economic Processing Zone. Ang EPZA ay may eksklusibong hurisdiksyon at awtoridad sa loob ng mga EPZ. Ang mga kumpanyang nasa loob nito ay binibigyan ng insentibo tulad ng di pagsingil ng mga buwis o bayad sa lisensya.

Garison ang pagsasalarawan ng mga manggagawa sa mga engklabo. Karaniwan ang higit sa walong oras na pagtatrabaho bawat araw sa buong linggo. Madalas ang kaso na buong maghapong nakatayo sa *assembly line* ang mga manggagawa. Laganap din ang sekswal na panghaharas sa mga kababaihan. Ipinatutupad ang napakahihigpit na patakaran para hindi sila makapag-organisa at mahigpit na ipinatutupad ang patakarang "No Union, No Strike."

Inilatag ng reaksyunaryong estado at mga kapitalista ang mga engklabo sa labas ng pambansang kabisera, partikular sa Southern Tagalog (ST), na estratehiko sa kalakalan dahil sa mga internasyunal na pantalan at paliparan nito at dahil din mas mababa ang itinakdang sahod dito. Sa kasalukuyan, nasa ST ang 34 sa kabuuang 71 EPZ sa pagmamanupaktura sa buong Pilipinas. Mayroon pang 16 na *special economic zone* na pinaplano o kasalukuyan nang itinatayo sa rehiyon. Lima sa mga ito ay sona sa pagmamanupaktura sa Batangas at Cavite. Ang prubinsya ng Laguna ang may pinakamaraming

EPZ.

Sa ngalan ng "kaayusang industriyal," pinapangalagaan ng reaksyunaryong gubyerno ang kapakanan ng mga kapitalista sa loob ng mga engklabo. Ginagamit ang *assumption of jurisdiction* upang pangunahan o idiskaril ang namumuong mga welga. Binabantaan ang mga manggagawa na tatanggalin sa trabaho kung magbubuo ng unyon. Ibinigay sa mga kapitalista ang karapatang magsampa ng mga kasong kriminal at gamitin ang lahat ng paraan maging ang pwersang militar para supilin ang unyon at welga ng mga manggagawa.

Sa kabila ng lahat nang ito, hindi napigilan ang paglaban ng mga manggagawa, kapwa mga kontraktwal at regular. Nagtayo sila ng mga asosasyon at unyon, at naglunsad ng mga samasamang pagkilos at welga. Ilan sa mga ito ang sama-samang pagkilos sa Tanduay sa Asia Brewery Complex sa Laguna, Hoya Glass Philippines Inc. na nasa First Philippines Industrial Park sa Batangas, at NXP Semiconductors sa Light Industry and Science Park I sa Cabuyao, Laguna. Ang pagbubuo ng mga asosasyon ng mga manggagawang kontraktwal sa loob ng mga engklabo ay naging epektibo para sa pagpapalakas ng kilusang paggawa laluna sa ST.

Sa harap ng militanteng paglaban, napipilitan ang reaksyunaryong estado, sa pamamagitan ng DOLE, na ideklarang regular ang ilang mga manggagawa na nasa loob ng engklabo. Gayunpaman, madalas na hindi ito ipinatutupad ng mga kapitalista kaya kailangang tuluy-tuloy pang ipaglaban ng mga manggagawa ang kanilang katayuan. Anupaman, lalo lamang silang naitutulak na isulong ang tuluy-tuloy na pagpapalawak ng kilusang paggawa sa loob ng mga engklabo para ipagtagumpay ang kanilang mga pakikibaka. AB

# Ka Lia: Manggagawa, mandirigma




Sa kabundukan ng Southern Tagalog, isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang pinamumunuan ng isang dating manggagawa.

Halos isang dekadang nagtrabaho sa isang engklabo sa Laguna si Ka Lia. Nagsimula siyang magtrabaho sa pagawaan ng pyesa para sa DVD noong 18-taong gulang pa lamang siya. Sa loob ng walong buwan, dinanas niya ang matinding hirap, kasama ng 17,000 iba pang manggagawa ng kumpanya.

"Nung mag-*apply* ako, unang tinanong (ng maneydsment) kung ano ang alam ko sa mga unyon. Tiningnan din ang tiyan ko kung may palatandaan ng panganganak. Saka ko na lamang napagtanto na ayaw nila sa mga unyon, at ayaw din nila ng may anak para maibuhos mo sa kumpanya ang buong panahon mo," kwento ni Ka Lia.

Sa loob ng walong buwan, tiniis ni Ka Lia na magtrabaho mula alas-6 ng gabi hanggang alas-6 kinaumagahan. Hindi pa niya alam noon na ito ay sapilitang pagpapa-obertaym at mahigpit na ipinagbabawal kahit ng reaksyunaryong batas. Sa loob ng 12 oras, binibigyan lamang siya at kanyang kapwa manggagawa ng 30 minuto para kumain at makapagpahinga mula sa matagal na pagkakatayo.

"Pwede ko sanang pahabain ang pagpunta ko sa C.R. (palikuran) para makapagpahinga ng matagal, pero ang inaalala ko naman, matatambakan ako ng mga isosolda at apektado ang trabaho ng mga kasamahan ko sa *production line*," aniya.

"Hindi pa ako mulat noon. Kaya nang tanggalin ako at may 200 kasamahan ko matapos ang walong buwan, hindi kami nagreklamo. Akala namin, ganun talaga ang kalakaran. Dapat pala ay regular na kami noon." Mahigit 90% ng mga manggagawa sa engklabong pinagtatrabahuan niya ay kababaihan. Batid nina Ka Lia na mas gusto ng mga kapitalista na mag-empleyo ng kababaihan dahil sa pag-aakalang mahihina sila at hindi mareklamo.

Pasisinungalingan ito ni Ka Lia sa lilipatang pagawaan. Ilang araw matapos matanggal sa pagawaan ng DVD, natanggap siya sa pagawaan ng pedal ng sasakyan. Unang naging trabaho ni Ka Lia ang pagtiktik ng sobrang bakal mula sa pinag-*welding* gamit lamang ang maso at kikil.

Bukod sa mainit at maingay sa loob ng pagawaan, dumanas ng matinding pagod si Ka Lia.

"Mabibigat ang binubuhat ko," kwento niya. "Sa ikalawang araw, parang hindi na ako makaakyat sa sinasakyan naming bus sa sobrang pagod. Pero tumagal ako doon nang mahigit limang taon."

Unti-unti siyang namulat nang sabay-sabay silang mag-boykot ng obertaym dahil sa pang-aalipusta ng bise-presidente ng kumpanya nang abutan silang nagpapahinga kahit tapos na ang trabaho. Ikinagalit nila ang pagturing sa kanila na animo'y mga alipin kaya iginiit nilang humingi ng dispensa ang naturang upisyal.

"Tatlong araw na apektado ang produksyon ng kumpanya dulot ng boykot. Maging ang ibang departamento ay nagboykot rin dahil nawalan ng matatrabaho ang iba

dahil tigil ang proseso sa *production line* ng kanilang departamento. Dito tumampok kay Ka Lia ang ugnayan ng mga manggagawa sa bawat isa, at ugnayan nila sa kabuuan.

Naging mulat si Ka Lia sa ugnayan ng mga manggagawa sa loob ng engklabo, na bagamat humuhugos nang libu-libo sa mga pagawaan, ay pinaghiwa-hiwalay ng mga kapitalista na nagkakaisa sa pagsasamantala at pagsupil sa kanila. May organisasyon ang mga kapitalista sa loob ng engklabo. Nagpaplano sila ng mga paraan para pigilan ang pagkakaisa ng mga manggagawa. Samantala, aktibong sinusupil ang karapatan ng mga manggagawa na mag-unyon, gamit ang mga batas at regulasyon ng reaksyunaryong estado.

Sa unang mga palatandaan pa lamang ng pag-uunyon, naglulunsad na ng mga seminar ang kumpanya. Nilalaman ng mga ito ang pamamaraan para patingkarin ang pagiging indibidwalista ng mga manggagawa, at siraan ang sinumang nangangahas manguna sa pagbubuo ng samahan o unyon. Agad na tinatanggal ng kumpanya ang mga tumatampok na lider na kontraktwal, habang tuluy-tuloy na hinahanapan ng butas ang mga regular.

Biktima ng ganitong panggigipit si Ka Lia noong pinamunuan niya ang *grievance committee*. Sinuspinde siya sa trabaho dahil sa paratang na gumagamit ng selpon habang nasa pabrika. Ito'y matapos idinulog at napabaliktad niya ang naging desisyon ng kumpanya na arbitraryong tanggalin ang isang kontraktwal na manggagawa. Siya rin ang kumatawan sa mga manggagawa sa paggiit na lutasin ang napakainit na temperatura sa loob ng pagawaan. Dahil dito, bantay-sarado ng kumpanya ang kilos niya at kapareho niyang mga lider ng asosasyon. "Ang gusto ng kumpanya, maging makina ka," ayon kay Ka Lia.

Naliwanagan si Ka Lia nang dumalo siya sa mga pag-aaral na inialok ng kanyang kapwa mga manggagawa. Mga pag-aaral hinggil sa tunay, palaban at makabayang unyonismo ang una niyang dinaluhan. Nang lumaon, nakapag-aral na rin siya ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino, Batayang Kurso ng Partido, at iba pang rebolusyonaryong aralin.

"Malaking hamon ang pagpapadalo sa mga pag-aaral sa mga manggagawa," ani Ka Lia. Bukod sa walang panahon, takot sila na matanggal, laluna ang mga kontraktwal. Dahil dito, sa bahay ng mga manggagawa inilulunsad ang mga pag-aaral. Sa gayong paraan, higit na nakikilala ng mga lider ang inoorganisang mga manggagawa, at mas nailalapat sa karanasan nila ang mga pag-aaral. Kailangang samantalahin ng mga organisador ang bawat pagkakataon. Kapag may dumarating na manggagawa mula sa ibang pagawaan, tulad ng mga nagdedeliber ng suplay, maaari silang kumustahin sa kanilang kalagayan. Dapat ding muling buhayin ang pagpapaliwanag maging sa mga umpukan ng mga manggagawa at gawing masigasig ang pagpropaganda sa kanilang hanay.



Kailangang nagkakaisang harapin ng mga manggagawa ang konsentradong maniobra ng mga kapitalista sa mga engklabo, ayon pa kay Ka Lia. Magagawa nila ito sa pamamagitan ng pagpupursige sa kilusang unyon, at pagpapalakas ng hukbong bayan.

Sumapi si Ka Lia sa BHB dahil batid niya na kailangang pamunuan ng uring manggagawa ang rebolusyon at palakasin ang hukbong bayan. Sa loob ng ilang panahong pamumuno sa Sangay ng Partido sa kanilang pabrika habang nag-oorganisa sa iba pa, hinanap-hanap niya ang praktika ng armadong pakikibaka na madalas na pinapaksa sa mga pag-aaral. Sa gitna ng kanyang programa ng integrasyon sa hukbo, nagpasya siyang kumilos nang buong panahon sa BHB. AB

## Unang Pangrehiyong Kongreso ng CNL-Negros, inilunsad

KATULAD SA ibang rehiyon, matagumpay na nailunsad kamakailan ang Unang Pangrehiyong Kongreso ng Christians for National Liberation (CNL) ng Negros. Dinaluhan ito ng 35 delegado na halong mga "old guard" (may edad na) at kabataan ng Simbahang Katoliko at ng Protestante. Maliban sa mga ibinahagi ng dumalong kinatawan ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas, binasa sa pagtitipon ang mensahe ni Fr. Frank Fernandez ng National Democratic Front-Negros.

Nagbahagi rin ang National Executive Council ng CNL ng mga pinakabagong pangyayari sa sitwasyong pampulitika sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, ang kalagayan ng rebolusyon, at ang mga pinagkaisahan sa Ikawalong Pambansang Kongreso ng lihim na samahan. Nagpatanaw ng bidyo ng naturang pambansang kongreso at mga bayani at martir. Hinalal ang bagong pamunuan ng rehiyon at pinagtibay ang 3-4 na Taong Pangkalahatang Plano at mga Gawain. Ito ay tinapos sa isang pangwakas na pananalita ng bagong halal na tagapangulo.

Puno ng sigla at determinasyon na muling makapagpapalawak ang kasapian ng CNL-Negros. Plano nilang sunod na ilunsad ang mga kongreso sa antas prubinsya at syudad. AB

# Lakbayan ng mga Magsasaka, tagumpay

Tagumpay ang LAKBAYAN na inilunsad ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) mula sa iba't ibang rehiyon para ipanawagan ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon; at labanan ang pampulitikang pamamaslang na nagaganap sa buong kapuluan. Kasabay nito, tuluy-tuloy ang mga pagkilos ng iba't ibang sektor para igiit ang kanilang mga karapatan at labanan ang anti-mamamayang mga patakaran ng rehimeng Duterte.

**Lakbayan ng mga Magsasaka**

Noong Oktubre 25, huling araw ng Lakbayan ng mga Magsasaka sa Metro Manila, nagmartsa mula sa kanilang kampuhan mula sa Department of Agrarian Reform (DAR) sa Quezon City ang libu-libong magsasaka papunta sa paanan ng Mendiola sa harap ng Malacanang. Sumabay sa kanila ang mga kabataang estudyante na naghintay sa harap ng University of Sto. Tomas sa Maynila. Naglunsad sila ng programa sa Mendiola kung saan sinunog nila ang *effigy* ni Duterte.

Bago nito, mainit na sinalubong ng mga kasapi ng Baktas BTL ang mga magsasaka mula sa Gitnang Luzon at Bicol sa tapat ng DAR noong Oktubre 24. Sa araw na iyon, nagpiket sila sa tapat ng Camp Aguinaldo para kundenahin ang pang-aabusong militar sa kanayunan at ang walang humpay na pang-aaresto at pamamaslang sa kanilang hanay. Pagsapit ng gabi, nagdaos sila ng programang pangkultura na nilahukan nina Luis at Coni Jalandoni at iba pang kasapi ng NDFP negotiating panel. Ani ni Ka Luis Jalandoni, "ang inyong lakas at pagsisikhay ay nagbibigay sa amin ng inspirasyon, sa inyo kami kumukuha ng lakas upang ang mga iginigiit na kahilingan ay mabigyan ng prayoridad sa usapang pangkapayaan."

Noong Oktubre 21, nasa 15,000 magsasakang Bikolano ang nagmartsa sa Naga City bilang bahagi ng paggunita sa Buwan ng Magsasaka. Partikular nilang kinundena ang malawakang pampulitikang pamamaslang at panggigipit sa kanilang hanay, laluna sa prubinsya ng Sorsogon. Ipinanawagan din nila na ipamahagi na ang pondong *coco levy* na kinurakot ni Eduardo Cojuangco, kroni ng dating diktador na si Marcos.

Pagkatapos ng programa sa Naga, tumungo ang kanilang mga kinatawan sa Metro Manila para lumahok sa kampuhan ng mga magsasaka roon. Bago makarating sa Maynila, hinarang ng mga pwersa ng pulis sa Pagbilao, Quezon ang sinasakyang bus ng mga kasapi ng Kilusang Magbubukid ng Bicol.

Samantala, naglunsad ng pagkilos ang ilandaang magsasaka ng Danggayan dagiti Mannalon sa Cagayan Valley sa labas ng upisina ng Department of Social Work and Development (DSWD) para kundenahin ang pagbalewala nito sa mga biktima ng bagyong Lawin, habang nakikipagdayalogo ang kanilang mga lider sa mga upisyal ng ahensya. Pagkatapos nito, nagmartsa sila patungo sa Mall of Valley sa Tuguegarao City para ipanawagan ang pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at itigil ang pampulitikang pamamaslang.

Sa Negros Occidental, matagumpay na napasok ng mga magsasaka ang Hacienda Sua sa bayan ng Pontevedra noong Oktubre 24 . Layunin nilang bungkalin ang 15-ektaryang lupa mula sa 90-ektarya na pag-aari ni Mayor Alonso ng naturang bayan.

Noong Nobyembre 6, nagpiket sa harap ng upisina ng Ombudsman sa Quezon City ang mga manggagawa sa agrikultura sa pangunguna ng ARB One Movement (AOM) at UMA para ipanawagan na ibalik sa mga magsasaka ang lupa na kinamkam ng TADECO. Iginiit nilang dapat ipawalang-saysay ang *joint venture* sa pagitan ng TADECO ni Rep. Antonio Floirendo at BuCor, yamang idineklara na ito ng Ombudsman na maanomalya. Nanawagan ang mga manggagawang bukid na papanagutin si Rep. Floirendo na isang mangangamkam ng lupa sa Davao.

**Protesta ng mga minero**

Noong Oktubre 23, nagprotesta ang maliliit na minero ng Mt. Diwalwal sa Compostela Valley sa tapat ng Philippine Mining Development Corporation (PMDC). Sa pangunguna ng Nagkahiusang Bomilan sa Diwalwal (United Ball Millers in Diwalwal), kinundena nila ang pagbabawal sa kanila na magmina sa Mt. Diwalwal at pagtaboy sa kanila sa Mabatas na malayo sa kanilang pinagmiminahan. Tinututulan din nila ang pagmimina ng malalaking kapitalista sa lugar.

Ayon kay Judan Euraba, pangulo ng naturang organisasyon, ang pagtaboy sa kanila mula sa Mt. Diwalwal ay magreresulta ng pagkawala ng kabuhayan ng libu-libong maliliit na minero, manggagawa sa minahan, kanilang mga pamilya at kaugnay na mga negosyo sa paligid ng minahan.

Ayon sa mga minero, mangangahulugan ng hindi bababa sa P150 dagdag na gastusin ang pagmimina sa Mabatas. Sa ngayon, kumikita lamang sila ng P350-400 kada 0.3 gramo.

Samantala, isang piket-protesta ang inilunsad ng Kalikasan noong Nobyembre 6 sa harap ng upisina ng DENR para kundenahin ang pagpapatuloy ng *open-pit mining* na nagreresulta ng pagkawasak hindi lamang ng kabundukan kundi pati ng karagatan dulot ng pagkalason nito.

**National Women's Day of Protest**

Isang pagkilos ang inilunsad ng mga myembro ng GABRIELA noong Oktubre 27, National Women's Day of Protest. Tangan ng mga batang

kasama sa rali ang isang istrimer na nanawagan na "Sigaw ng mga Bata: Karapatan sa Paninirahan Ipaglaban." Walang katiyakan ng paninirahan ng marami sa relokasyon dahil hindi nagtatakda ang gubyerno ng permanente nilang tirahan.

Ani ni Gabriela Rep. Arlene Brosas, walang badyet ang gubyernong inilalaan sa pabahay para sa maralita ngunit sa proyekto para sa interes ng dayuhan ay naglalaan ng bilyun-bilyon ang rehimeng US-Duterte. Ang protesta ay nilahukan ng iba't ibang kasapi ng Kadamay mula sa Tondo, Valenzuela, Marikina at iba pang lugar na karatig ng Metro Manila na nakaambang idemolis dulot ng proyektong Build, Build, Build ng rehimeng US-Duterte.

Noong Oktubre 28, ilandaang kababaihan ang nagrali sa Davao City para ipanawagan ang pagtigil ng batas militar sa Mindanao. Ani Mary Ann Saplor, Secretary General ng Gabriela-Southern Mindanao, mula nang ideklara ni Duterte na malaya na ang Marawi ay nanawagan na silang itigil na ang batas militar sa buong Mindanao dahil nagdudulot ito ng matinding paglabag sa karapatan ng mamamayan.

SA LAGUNA, naglunsad ng piket noong Oktubre 27 ang Liga ng mga Manggagawa sa Timog Katagalugan sa Calamba Crossing para kundenahin ang pagtanggi ng Clarmil Manufacturing (Goldilocks-Calamba) na gawing regular ang mga manggagawa ng kumpanya.

Bago nito, naglunsad sila ng kampuhan, kasama ang mga manggagawa ng Coca-Cola Femsa, sa harap ng Department of Labor-Office of the Secretary mula Oktubre 23-27.

Noon ding Oktubre 27, naglunsad ng piket ang Migrante International sa Mendiola para kundenahin ang inilabas na Executive Order 44 ng rehimeng US-Duterte na nagtatayo ng isang Overseas Filipino Bank. Dagdag itong iskema para gawing gatasan ang mga migranteng manggagawa. Layunin ng bangkong ito na ipunin ang mga kita ng mga migranteng manggagawa at gamitin ito para sa mga antimamamayang programa at negosyo ng rehimen. Ayon sa Migrante, pinagtitibay nito ang patakarang *labor-export* ng reaksyunaryong estado habang lalupa silang pinagsasamantalahan.

Samantala, simula Oktubre 25 ay itinayo ang kampuhan sa Mendiola ng may 100 pamilyang nawalan ng tirahan mula nang mademolis ang kanilang mga bahay sa Manggahan Floodway sa Pasig City. Nanganganib na buwagin ang kampuhang ito bago ang pagdaraos ng ASEAN Summit sa Nobyembre 12.

Lumahok naman ang Movement Against Tyranny sa martsang inilunsad ng mga taong simbahan laban sa pampulitikang pamamaslang sa People Power Monument noong Nobyembre 5. Bago ang martsa, isang misa na inilunsad sa Edsa Shrine ang nanawagan na wakasan ang pampulitikang pamamaslang at hustisya sa lahat ng biktima ng ekstrahudisyal na pagpatay.

Sa Baguio City, nagpiket ang mga estudyante ng University of the Philippines (UP)-Baguio at St. Louis University noong Oktubre 26 para kundenahin ang pasismo at pandarahas ng rehimeng Duterte sa buong bansa. Kasama sa mga nagprotesta ay mga estudyanteng sinampahan ng gawa-gawang kaso ng pulis at militar. AB

## Sentenaryo ng Rebolusyong Oktubre, ipinagdiwang

TANGAN ANG teorya ng Marxismo-Lenismo-Maoismo, ipinagdiwang ng mga rebolusyonaryo at progresibo ang sentenaryo ng Rebolusyong Oktubre sa buong bansa. Humahango ng mga aral ang rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas sa Rebolusyong Oktubre, ang kauna-unahang rebolusyong naipanalo ng mga manggagawa at magsasaka.

Nitong Nobyembre 7, naglunsad ng raling iglap ang mga rebolusyonaryong organisasyon sa ilalim ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa Mendiola, Maynila bilang bahagi ng pagdiriwang sa sentenaryo ng Rebolusyong Oktubre. Iwinagayway nila ang bandila ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at NDFP habang nananawagan na sumapi sa Pulang hukbo ang mga manggagawa.

Naglabas din ng kani-kanilang mga presentasyon ang iba't ibang yunit ng PKP at BHB. Sinimulan ito ng pagtatanghal ng BHB-Southern Tagalog (Melito Glor Command) sa pangunguna ni Kasamang Diego Padilla. Naglunsad naman ng programa at pagtatanghal ang BHB-North Central Mindanao na dinaluhan ni Pedro Codaste, konsultant ng NDFP. Samantala, bilang bahagi ng paggunita, naglabas ng espesyal na isyu ang *Ang Bayan* kung saan tampok ang mga mensahe ng Komite Sentral at ni Prof. Jose Ma. Sison. Itinampok naman ng Sine Proletaryo ang pagkanta ng mga Pulang mandirigma ng Internasyunal.

Noong Oktubre 21, ipinagdiwang sa Cebu ang sentenaryong anibersaryo ng Rebolusyong Oktubre at kanilang iniladlad ang isandaang bandila na may maso't karit. Itinaon ang aktibidad sa pagtatapos ng Lakbayan ng mga Magsasaka sa Visayas at ginanap na kumperensya para sa maralitang-bukid.

Sa Davao City, isang pangkulturang pagtatanghal ang isinagawa sa Holy Cross of Davao College Auditorium bilang paggunita sa sentenaryo ng Rebolusyong Oktubre. Nilahukan ng ilan-daang aktibista ang pagtitipon na kinatampukan ng mga pagtatanghal sa kultura. Matingkad sa benyu ang presensya ng maraming bandila ng partido komunista. Sa Hilagang Luzon, nagkaroon ng paggunita sa Tuguegarao City. AB